Kagawaran ng Edukasyon

# Araling Panlipunan 9

## Demand

### Ikalawang Markahan – Ikalawang Linggo




Dindo S. Pepito

***Manunulat***

Grace B. Columbino

***Tagasuri***

Carol C. Monroid

***Layout***

Edwin C. Abalos

Mark Joseph C. Fernandez

***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Sa araling ito, inaasahang nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa demand.

Matapos mong mapag-aralan ang konsepto ng produksiyon, mga salik nito, at ang mga organisasyon ng negosyo sa naunang mga aralin, sa bahaging ito naman ay iyong tutuklasin ang tungkol sa konsepto ng demand at mga salik na magbibigay linaw kung bakit tumataas o bumababa ang presyo ng mga produkto o serbisyo.



## UNANG PAGSUBOK

**A. Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Anong sangay ng agham panlipunan ang tungkol sa efficient na pagpili at paggamit ng mga pinagkukunang yaman?
   A. Antropolohiya C. Matematika
   B. Ekonomiks D. Pisika

2. Isa sa malaking parte ng demand ay ang pagbili ng mga pagkain. Sino ang bumuo ng teorya hinggil sa herarkiya ng pangangailangan ng tao?
   A. Keynes C. Malthus
   B. Maslow D. Ricardo

3. Ito ay kabayaran kapalit sa binibigay na serbisyo ng tao.
   A. Insentibo C. Luho
   B. Kita D. Presyo

4. Ito ang dahilan kung bakit tumataas o bumababa ang demand sa isang produkto o serbisyo.
   A. Kita C. Puhunan
   B. Presyo D. Tubo

5. Talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong bilhin ng mga mamimili
   A. Demand C. Demand Function
   B. Demand Curve D. Demand Schedule

6. Tumutukoy sa dami ng produkto na gusto at kayang bilhin ng mamimili
   A. Demand C. Trabaho
   B. Supply D. Yamang-likas

7. Nagsasaad na mayroong magkataliwas na ugnayan sa pagitan ng presyo at quantity demanded
   A. Batas ng demand C. Demand Function
   B. Batas ng supply D. Supply Function

8. Grapikong paglalarawan ng presyo at quantity demanded
   A. Demand                C. Demand Function
   B. Demand Curve          D. Demand Schedule

9. Ipinagpapalagay na ang presyo lamang ang salik na nakaaapekto sa pag babago ng quantity demanded, habang ang ibang salik ay hindi nagbabago.
   A. Ceteris Paribus       C. Substitution Effect
   B. Income Effect         D. Total Consumption

10. Nagpapahayag na mas malaki ang halaga ng kinikita kapag mas mababa ang presyo.
   A. Alocation             C. Income Effect
   B. Supply                D. Substitution Effect

**B. Panuto:** Kompyutin ang demand.

**Demand function: Qd = 50 – 2P**

| Presyo bawat piraso | Quantity demanded |
|---|---|
| 6 | 11.____________ |
| 12. ____________ | 34 |
| 10 | 13. ____________ |
| 14. ____________ | 26 |
| 14 | 15. ____________ |



**BALIK-TANAW**

**FLASH-CARDS-ANAGRAMS**

**Panuto:** Buohin ang anagrams at ipaliwanag ang bawat kaisipan.

| | |
|---|---|
| **NDEMAD** | **SCEETRI SPARIBU** |
| **OMINCE FEEFCT** | **SUTIUBSTITON ECTEFF** |



## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

**Iba pang salik na nakaaapekto sa demand maliban sa presyo**

| | |
|---|---|
| **Kita ng Mamimili** | Ang isang taong may malaking kita ay makabibili ng mas maraming produkto, kabaliktaran naman sa taong may maliit na kita. |



Hal.

Mas marami ang nabili ng isang negosyante kumpara sa kaniyang mga trabahador sapagkat mas malaki ang kita ng amo kumpara sa empleyado.

| | |
|---|---|
| **Panlasa at Kaugalian ng Mamimili** | Kung mapapansin, mas malaki ang demand ng mga prutas tuwing sasapit ang bagong taon dahil parte na ito ng tradisyon nating mga Pilipino. |



Hal.

Ang panlasa ay katumbas ng kung ano ang usong produkto tulad ng mga halaman kaya marami ang naeengganyong bumili o magtanim nito.

| | |
|---|---|
| **Presyo ng Kaugnay at Kapalit na Produkto** | mayroong dalawang uri ng produkto: kaugnay na produkto (complementary goods) at kapalit na produkto (substitute goods). |



Hal.

Pinipili ng ilan ang three-in-one coffee kumpara sa gatas o milo dahil kakailanganin niya pang bumili ng iba pang sangkap nito. Tulad ng asukal na magiging dahilan ng dagdag gastos sa kaniya.

| | |
|---|---|
| **Inaasahang Kita ng Mamimili sa Hinaharap** | Kung inaasahan ng mamimili na lalaki ang kita niya sa hinaharap, hindi siya magdadalawang umisip na gumastos ngunit kung inaasahan niyang lumiit ang kita sa hinaharap, siya ay magtitipid kung kaya't bababa ang demand. |



Hal.

Inaasahan ng mamimili na maaaring magtaas ang presyo ng face mask at face shield kaya naman marami ang bumili nito bago pa magmahal ang presyo o magkaubusan ng suplay.

| | |
|---|---|
| **Populasyon** | Kapag ang populasyon sa isang lugar ay mataas, mataas din ang demand; kapag mababa naman ang populasyon, mababa din ang demand. |



Hal.

Maraming tindahan sa unahang parte ng Southville o (NHA) sapagkat ito ang pangunahing daanan ng mga naninirahan rito.


Pinagmulan: https://tinyurl.com/y38gbn5e
https://tinyurl.com/yyoqejrp



**GAWAIN**

## GO SA GRAPHIC ORGANIZER

**Panuto:** Punan ang graphic organizer sa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong:




Pamprosesong tanong:

1. Ano-ano ang salik na nakakaimpluwensiya sa demand?
2. Alin sa mga salik ang makapagdudulot ng paggalaw sa demand curve?, sa paglipat ng demand curve? Paano naiiba ang salik na presyo sa ibang salik?
3. Ano ang katangian na dapat taglayin ng isang mamimili sa pagtugon sa pagbabago sa mga salik ng demand



**TANDAAN**

Ang indibidwal na demand ay nagbabago dahil sa presyo. Ang ugnayan ng presyo at demand ay di-tuwiran. Ngunit sa pagbabago ng dami ng produkto na bibilhin ay may iba't-ibang salik na nakakaapekto bukod sa presyo. Kahit manatili ang presyo, ang demand ay magbabago bunga ng mga salik na ito.

**Okasyon**

Sa kultura ng ating bansa, likas sa ating mga Pilipino ang ipagdiwang ang iba't-ibang okasyon na dumarating. Pinahahalagan natin ang mga mahahalagang okasyon sa ating buhay, kaya sa bawat selebrasyon, tumataas ang demand sa mga produkto na naaayon sa okasyong ipinagdiriwang.

Halimbawa:
Tumataas ang demand ng mga produkto gaya ng:

- Bulaklak at tsokolate kapag araw ng mga **puso, kaarawan, at anibersaryo.**
- Bulaklak at kandila naman kung **araw ng mga patay**
- Damit, sapatos, laruan, at alahas, appliances, at pagkain kapag sumasapit ang **Kapaskuhan at Bagong Taon**
- Paghahanda ng masasarap na pagkain **tuwing Pista**.

Ang ganitong nakasanayang gawain ng mga tao ang dahilan sa pagtaas ng demand sa mga nasabing produkto kapag may iba't -ibang okasyon.

Papaano kaya ang matalinong tugon sa pagbabagong dulot ng mga salik na ito?_______________________________________________________

_____________________________________________________________________

Alin sa mga salik na nakaaapekto sa demand ang nakatulong upang maunawaan ang aralin?____________________________________________

_____________________________________________________________________

**Panuto:** Kompletuhin ang pangungusap. Pumili ng kasagutan sa salik ng demand upang mabuo ang konsepto.

- Tumataas ang demand dahil sa
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
________________________________________.

- Pinili ni Justin bumili ng Softdrinks kaysa mag timpla ng orange juice dahil sa
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
________________________________________.

- Marami ang mga street vendor sa paligid ng Quiapo Church dahil
_____________________________________________________________________
_____________________________________________________________________
________________________________________.



**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**

# BALITA-NALYSIS

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga balita na nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutan ang mga pamprosesong tanong.

| **Mas mataas na buwis sa sigarilyo, makapagliligtas ng 27M buhay** | **Anti-smoking ban, paiigtingin sa paaralan** |
|---|---|
| Ang mas mataas na presyo ng sigarilyo, bunso ng pagtaas ng buwis na ipapataw sa mga manufacturer, ay makapagliligtas ng mahigit 27 milyong buhay sa limang bansa sa Asia, ayon sa pag-aaral ng ADB na inilabas nitong Martes.<br><br>Tinutukoy ng ADB ang 50 porsiyentong karagagan sa presyo ng sigarilyo ay nangangahulugan ng pagtaas ng buwis ng 70 hanggang 122 porsiyento na makalilikom ng 24 billion US dollars. | Nirere<br>paso ng MMDA ang mga umiiral na ordinansa sa mga lungso ng Metro Manila para sa mas mahigpit na pagpapatupad ng kampanya kontra paninigarilyo.<br><br>Maglulunsad din ng anti-smoking information drive ang MMDA sa mga paaralan na madalas may nahuhuling naninigarilyo ang mga estudyante sa high school at makikipag-ugnayan ang ahensiya sa mga opisyal ng eskuwelahan, DOH at non-government organization. |

Pinagmulan: *https://tinyurl.com/yyt3bxem*

Pinagmulan: *https://tinyurl.com/y3umqjsg*

Pamprosesong tanong:

1. Batay sa mga artikulo, ano ang dalawang paraan ng pamahalaan upang mabawasan ang bilang ng mga naninigarilyo?

2. Sa iyong palagay, ang pagpapataw ba ng mataas na buwis ay makatutulong sa pagbaba ng demand para sa sigarilyo? Bakit?

3. Paano makaaapekto ang anti-smoking ban sa pagbabawas ng demand sa sigarilyo?

4. Alin sa dalawang artikulo ang nagpapakita ng salik ng demand na epekto ng presyo? Alin naman ang salik na hindi presyo?

5. Sa iyong palagay, alin sa dalawang pamamaraan ang mas mabisang paraan sa pagbabawas ng dami ng naninigarilyo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

**I. Panuto:** Punan ng tamang sagot ang bawat patlang. Pumili ng sagot sa kahon sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| **KITA** | **PANLASA** | **MAMIMILI** |
| **PRESYO** | **PRODYUSER** | **KOMPLEMENTARYO** |

1. Inaasahan ng mga mamimili na tataas ang ___________ng isang partikular na produkto.

2. Ang pagbabago sa ___________ ng tao ay maaaring makapagpabago ng demand para sa isang particular na produkto.

3. Karaniwang naaayon sa ___________ng mga mamimili ang kanilang basehan sa pagpili ng proukto o serbisyo.

4. Masasabing magkaugnay ang mga produkto sa pagkonsumo kung ito ay ___________________o pamalit sa isa't isa.

5. Maaari ding magpataas ng demand ng indibidwal ang tinatawag na bandwagon effect kung saan nakikisabay sa uso ang mga _____________.

**II. Panuto:** Ipakita ang pagbabagong magaganap sa demand para sa isang produkto batay sa mga pagbabago ng sumusunod na salik.

Isulat sa patlang ang ⬆ kung tataas ang demand ⬇ kung bababa ang demand.

_______1. Paglaki ng kanilang kita
_______2. Pagiging lipas sa uso ng isang proukto
_______3. Pagbenta ng Russia ng covid-19 vaccine
_______4. Pagtaas ng presyo ng produktong pamalit
_______5. Pagkakaroon ng bawas sa kanilang sahod
_______6. Inaasahan ng mga mamimili na tataas ang presyo
_______7. Pagbaba ng presyo ng komplementaryong proukto
_______8. Pagbenta ng motorcycle barrier kahit hindi na ito kailangan
_______9. Kinakailangang magsuot ng face shield sa pampublikong establisyemento
______10. Bumibili tayo ng produkto dahil nakikita natin ito sa karamihang tao na tinatawag na bandwagon effect

## SANGGUNIAN:

**Website:**

https://tinyurl.com/y38gbn5e
https://tinyurl.com/yyt3bxem
https://tinyurl.com/v3umqjsg
https://tinyurl.com/yyoqejrp

**Modyul:**

- Department of education (2015) Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module P. 114-129

## SUSI SA PAGWAWASTO:

**UNANG PAGSUBOK**
1.)B, 2)B, 3)B, 4)B, 5)D, 6)A, 7)A, 8), B. 9)A 10) C, 11)8, 12)8, 13)30, 14)12, 15)22

**PANG WAKAS NA PAGSUSULIT**
1.)⬆ 2.⬇ 3 ⬆ 4 ⬇ 5⬇ 6 ⬆ 7 ⬆ 8.⬇ 9.⬆ 10.⬆

**PANG WAKAS NA PAGSUSULIT**
1)Presyo, 2)Kita, 3)Panlasa, 4)Komplementaryo, 5)Mamimili